
1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 10
## Natutukoy ang Mahahalagang Detalye Kaugnay ng Paksang Napakinggan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 10. Natutukoy ang Mahahalagang Detalye Kaugnay ng Paksang Napakinggan**
**Kompetensi: Natutukoy ang Mahahalagang Detalye Kaugnay ng Paksang Napakinggan - Code: F1PN-1Va-16**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat | : | Arnold I. Buccahan |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado |
| Tagaguhit | : | Ronalyn Demaano |
| Tagalapat | : | Rozen D. Bernales |
| Tagapamahala: | | Estela L. Carino |
| | | Rhoda T. Razon |
| | | Octavio V. Cabasag |
| | | Rizalino G. Caronan |
| | | Roderic B. Guinucay |
| | | Jorge G. Saddul, Sr. |
| | | Felimendo M. Felipe |
| | | Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 10
## Natutukoy ang Mahahalagang Detalye Kaugnay ng Paksang Napakinggan

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Panimulang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino I ng Alternative Delivery Mode (ADM)tungkol pagtukoy ng mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul.

*Mga Tala Para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagtukoy ng Mahalagang Detalye Kaugnay ng Paksang Napakinggan

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |

| | |
|---|---|
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maisagawa ang pagbibigay sa susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maibigay ang susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:




- Pagtukoy ng Mahahalagang Detalye Kaugnay ng Paksang Napakinggan.

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Matukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan
- Matukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan nang may kagalakan.

## Subukin

Pagdugtungin ang hanay A sa hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
|  | Nanay |
|  | Ate |
|  | Kuya |
|  | Bunso |
|  | Tatay |

## *Balikan*

Babasahin ng guro ang diyalogo sa ibaba.

### Ang Magkaibigang Joy at Troy

**Joy**: Kaibigang Troy, mahal mo ba ang iyong pamilya?

**Troy**: Oo naman kaibigang Joy. Mahal na mahal ko sina Nanay at Tatay pati na rin sina Ate at Kuya.

**Joy**: Ako rin kaibigang Troy mahal na mahal ko rin sila.

**Troy**: Mainam kung ganun kaibigang Joy. Napakasarap magkaroon ng masayang pamilya.

Mga Tanong:

1. Sino ang magkaibigan sa diyalogo?
2. Ano ang kanilang pinag-uusapan?



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay tumutugon sa aralin tungkol sa pagtukoy ng mahahalagang detalye ng paksang napakinggan. Ang mga gawain na naiatang para sa bata ay maaring maging gabay ng guro sa pagbibigay ng mga karagdagang gawain upang mahubog ang bata sa pagtukoy ng mahahalagang detalye ng paksang napakinggan.

## *Tuklasin*

Pakinggan ang tulang babasahin ng magulang/ate/kuya mo. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.

**Mayamang Kalikasan**

O Kaygandang kalikasan
Sa bayan ko makikita;
Mahigit sa pitong libo
Ang bilang ng mga isla.

Sa puson ng karagatan,
Kayamana'y makukuha;
May harding mabulaklak,
Mga koral na kaiba.

Mayamang mga lupain,
Iba't iba ang pananim
Nagbibigay ng pagkain,
Ng tahana't gamit natin.

O kaygandang kalikasan,
Tunay na kahanga-hanga;
Sa tao ay inilaan,

Ang Maykapal ang lumikha.

Mga Tanong:

1. Ilan ang mga pulo sa ating lugar?
2. Ano-ano ang makikita sa ating karagatan?
3. Ano-ano ang makukuha natin sa mga pananim?
4. Sino ang lumikha ng kalikasan?

## *Suriin*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang paksa ng napakinggang tula?
2. Ano-ano ang mahahalagang detalye sa iyong narinig?


## *Pagyamanin*

Pakinggang Muli!

Iparinig ng guro/magulang ang kuwento tungkol sa pamilya at pagkatapos tukuyin ng mga bata ang mga mahahalagang detalye kaugnay sa paksang napakinggan .

## Ang Pamilya ni Andy

Ni: Marites S. Espe at Arnold I. Buccahan



Sa isang malayong lugar sa bayan ng Cabarroguis ay may isang nakatirang mag-anak. Ang pamilya nina Mang Ador at Aling Ason. Biniyayaan sila ng dalawang mababait at masisipag na mga anak. Sina Annie at Andy.

Sa kabila ng kanilang simpleng pamumuhay ay masaya pa rin silang mag-anak. Sapat na para sa kanila kung anong bagay mayroon sila.

"Nanay, Tatay, kami na pong gagawa niyan!", laging naririnig na sinasabi ng magkapatid. Iyan ang nagpapakitang nagtutulungan sa lahat ng mga gawaing nakaatang sa kanila.

Mga Tanong:

1. Sino ang magkapatid sa narinig na kuwento?
2. Saan nakatira ang mag-anak?
3. Magbigay ng isang katangian ng pamilyang tinalakay?
4. Ano ang paksa sa kuwento?

5. Maliban sa mga sagot sa tanong, ano-ano pa ang mahahalagang detalye sa napakinggang kuwento?

## *Isaisip*

Dapat nating tandaan na sa pagtukoy ng mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan, kinakailangang piliin ang mga mahahalagang impormasyon na sumasagot sa tanong na sino/sino-sino ang mga tauhan, ano ang nangyari, saan naganap, kailan nangyari , bakit nangyari, at paano ginawa at iba pa.

## *Isagawa*

Pakinggang mabuti ang talata. Isalaysay ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.

Maagang nagising si Julie. Kumain, naligo kaagad at nagsimulang magbihis. Ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon, binuksan niya ang kaniyang bag pero wala ang kaniyang hinahanap.

“O, Julie, matagal ka pa ba diyan?”

“Hinahanap ko po kasi yung pitaka ko.”

“Hindi ba yung ipinahawak mo sa akin kanina?”

"Ay, pala,' Nay. Salamat po", wika niya sabay lapit at paghalik sa kaniyang Nanay.

Mga tanong:

1. Sino si Julie?

______________________________________________

2. Ano-ano ang ginawa niya nang umagang iyon?

______________________________________________

3. Ano ang hinahanap ni Julie?

______________________________________________

4. Ano ang paksa sa kuwentong narinig mo?

5. Ano pa ang mga mahahalagang detalye na nasa kuwento?



## *Tayahin*

Pakinggan ang babasahing anunsiyo/panawagang babasahin ng iyong guro/Nanay/ate at iba pa. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

Panawagan:

Magkakaroon ng paglilinis sa Bulwagan ng Purok 01 ng Barangay San Andres sa oras na alas otso ng umaga, bukas, ika-5 ng Oktubre. Inaasahang sundin ang nakapaskil na iskedyul na matatagpuan sa ating Bulwagan.

Isang miyembro ng pamilya ang inaasahang dadalo. Sampu lamang ang maaaring pumunta sa isang araw.

Ang mga pupunta ay magsusuot ng face mask/face shield para sa proteksiyon, walis, itak at gloves.

Ang gawaing ito ay isasagawa upang mapanatiling malinis at maaliwalas ang ating purok.

Tanong:

1. Ano ang paksa sa panawagang iyong narinig?
2. Ano-anong mga detalye ang napakinggang panawagan?

## *Karagdagang Gawain*

Magbigay ng dalawa pang maaring idagdag sa detalye sa napakinggan mong panawagan.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Joy at Troy
2. Pagmamahal sa Pamilya

Tuklasin

1. Mahigit sa pitong libo
2. Koral
3. Pagkain
4. Maykapal

Suriin

1. Kalikasan ay Mayaman
2. Mayamang lupain/karagatan at iba pa

Pagyamanin

1.Annie at Andy

2. Bayan ng Cabarroguis

3.masaya, nagtutulungan,simple

4.Depende sa sasabihin ng bata

**Isagawa**

1.mag-aaral

2. kumain, naligo at nagsuot ng uniporme

3. pitaka

4. pagkawala ng pitaka

5.nakalimutan ,Nilapitan at hinalikan ang ina

**Tayahin**

Paglilinis, pagdadala ng gamit, sa ika-15 ng oktubre at iba pa

## *Sanggunian*

2016 K to 12 Curriculum Guide/MELC 2020

Landas ng Wika at Pagbasa 2, ni Dr. Lydia B. Liwanag

Sanggunian:

MELC sa Filipino 1

Landas sa Wika at Pagbasa 2 ni Dr. Lydia B. Liwanag

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph